SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 29, 2024, LUNES, IKA- 09:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 04/25/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: Date: APR 2024 Santa Cruz, Laguna

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAUTUSAN BLG. 05-T2024**

**KAUTUSANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET NG PAMAHALAANG BAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG LABING LIMANG MILYONG PISO (P15,000,000.00) MULA SA SURPLUS SA TAONG 2022 NA MAY HALAGANG P19,164,331.60 UPANG ILAAN PARA SA KARAGDAGANG PONDO SA GASOLINE EXPENSES (P14,000,000.00) NG TANGGAPAN NG PANGKALAHATANG PAGLILINGKOD AT FUEL AND GASOLINE EXPENSES – PEACE AND ORDER, PNP (P1,000,000.00).**

**SAPAGKAT,** may liham ang Kgg. Punong Bayan Edgar S. San Luis sa sangguniang ito na may petsa Hulyo 3, 2023 kaugnay ng paksang binabanggit sa itaas;

**SAPAGKAT,** tinalakay sa pangunguna ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan ang kahilingang makapaglaan ng pondo para sa Fuel and Gasoline Expenses mula buwan ng Mayo hangang Disyembre 2022 – Hope Shell Gasoline Service Station at mula buwan ng Hulyo hanggang Disyembre 2022 – Caballero Shell Gasoline Service Station, na may kabuuang halagang (P14,000,000.00) ng Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod at Fuel and Gasoline Expenses – Peace and Order, PNP (P1,000,000.00) na kukunin sa Surplus ng taong 2022;

**SAPAGKAT,** tinalakay din sa pagpupulong ng lupon na may inilaang pondong P10,000,000.00 sa nagamit na gasolina simula Enero hanggang Hunyo, 2022 na ito yung panahon na biglang tumaas ang presyo ng gasolina, ayon sa naimbitahang panauhin, (hanggang sa humigit –kumulang 100%)

**SAPAGKAT,** naging pasiya ng lupon na ibalik ang liham sa Tanggapan ng Punong Bayan noong Disyembre 18, 2023 sa kahilingan ng Tagapamuno ng Lupon na isumite ang Purchase Order o di kaya ang Sales Invoice na batayan sa isinumiteng Statement of Accounts ng dalawang service provider ng gasolina, para sa pag-aaral/ pagsusuri ng lupon, na tanging Purchase Order lang ang naisumite, subalit hindi nila ito ni-review (mag-set daw ng bagong Committee meeting) at pilit hinahanap ay Sales Invoice,

**SAPAGKAT,** may ipinadalang Endorsement sa sangguniang ito ang Kgg. Punong Bayan na may petsa Enero 22, 2024 para sa pagdaraos ng Di-Karaniwang Pulong (Special Session) kaugnay pa rin ng kaukulang bayarin ng pamahalaang bayan sa dalawang service provider ng gasolina, subalit hindi naganap ang Di-Karaniwang Pulong (Special Session) na iyon *dahilan sa hindi dumalo ang ilang mga Konsehal ganundin ang Presiding Officer ay nawalan ng sapat na bilang ang nasabing Di-Karaniwang Pulong;*

***SAPAGKAT**, sa Karaniwang Pulong ng Sangguniang Bayan, naging pasiya ng higit na nakararaming kasapi nito na dahil ang usapin ay urgent at napakahalaga kinakailangang talakayin na ito sa halip na dumaan pa sa pagtalakay ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan sa kadahilanang wala namang naipakitang kumpletong report at rekomendasyon ang Tagapamuno ng lupon hinggil sa nasabing kahilingan kung kaya't dumating sa pagmumungkahi na ito ay madesisyunan,*

**SAPAGKAT,** sa naging pagtalakay ng sangguniang ito sa Karaniwang Pulong nito ikinatwiran ng *higit na nakararaming* kasapi na nararapat bayaran ang obligasyon sa mga service provider upang matugunan ang mga ibinabahaging serbisyo sa paglilingkod sa mga mamamayan, bagamat may ibang kasapi na nananatili ang kahilingang maisumite muna sa Sangguniang Bayan ang mga Sales Invoice.

**SAPAGKAT,** sa mga kalakip na liham mula sa dalawang service provider, binabanggit na sa hindi pagbabayad ng pamahalaang bayan na umaabot ng halos dalawang taon na ang pagkakautang, ay naaapektuhan ang kanilang pananalapi at ang kanilang pagnenegosyo, kaya't kanilang ihihinto ang pagsu-supply ng gasolina simula Pebrero 1, 2024;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Alan T. Pamatmat, na pinangalawahan ng higit na nakararaming kasapi ng Sangguniang Bayan na sina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Laura P. Obligacion at Kgg. Lucena R. Odejar, ay

KGG. ESMERALDO C. DELAS ARMAS, JR. Kagawad

KGG. NORMAN T. TOLENTINO Kagawad

KGG. LEA A. ALMARVEZ Kagawad

KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN Kagawad

KGG. LUCENA R. ODEJAR Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT Kagawad

KGG. LAURA P. OBLIGACION ABC Federation President

KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO SK Federation President

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Ilaan ang halagang P15.000.000.00 mula sa Surplus sa taong 2022 na may halagang P19,164,331.60 para sa karagdagang pondo sa Gasoline Expenses (P14,000,000.00) ng Tanggapan ng Pangkalahatang Paglilingkod at Fuel and Gasoline Expenses – Peace and Order, PNP (P1,000,000.00).

**SEKSYON 2** – Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kautusang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay ng Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 29, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. AMBIEL JOHN C. PANGANIBAN**
Kagawad

**KGG. LEA A. ALMARVEZ**
Kagawad

**KGG. NORMAN T. TOLENTINO**
Kagawad

**KGG. ESMERALDO C. DE LAS ARMAS, JR.**
Kagawad

**KGG. LUCENA R. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. MARK ANTHONY M. JUANGCO**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan